
# Brownout

Kuwento ni:
**John Paul G. Luaña**

Guhit ni:
**Ernest John F. Bayona**





Mga Kasanayang Pampagkatuto

Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkilala sa sarili at pagkakaroon ng disiplina tungo sa pagkakabuklod-buklod o pagkakaisa ng mga kasapi ng tahanan at paaralan.

EsP2PKP-Ia-b-2

Nakapagpapakita ng pagkamagiliwin at pagkapalakaibigan na may pagtitiwala sa kamag-anak .


EsP2P-IIa-b-6



# Brownout



"BrOOowwnNNOoouuUuttTT!"
Sabay-sabay na nagsigawan ang mga kapitbahay ni Popoy nang biglang nawala ang kuryente sa kanilang compound.

Halos lahat ng mga kapitbahay niya ay nagmaktol at nainis sa biglaang pagkawala ng kuryente. Sila lang yata ang tanging bahay na walang pakialam sa pagkawala ng kuryente dahil sanay na sila sa dilim.




Nang paubos na ang kanilang kandila, inutusan si Popoy ng kaniyang inay na bumili sa tindahan. Ang dilim-dilim ng buong paligid. Habang naglalakad, narinig niya mula sa bahay nina Aling Tina na nag-aaway ang kaniyang mga anak.





"Bakit kasi hindi ka nag-charge ng cellphone mo kanina? Ngayon, humihiram ka. Umalis ka nga rito!" pasigaw na sabi ni Marian sa bunso niyang kapatid na si Kiko.

"Gusto ko lang namang maglaro. Haaaay! Nakababagot talaga kapag walang kuryente. Walang malaro... Walang mapaglibangan," malungkot na sagot ni Kiko.



Sa katabing bahay naman nila Aling Tina, narinig niya ang mag-asawang sina Lukas at Lily na panay ang reklamo sa isa't isa.

"Kanina pa kita pinapaypayan. Nangangawit na ang mga braso ko," reklamo ni Lukas.

“Aba, paano ako makatutulog kung tila sinusunog na ang balat ko ng apoy sa sobrang init!” sagot ni Lily.

“Nakaiinis talaga ang brownout na ito. Napakaperwisyo! Hindi tuloy tayo makatulog nang maayos,” pagmamaktol ni Lukas.




Pagdating ni Popoy sa tindahan, nakita niya ang isang grupo ng mga nanay na naguusap-usap tungkol sa paborito nilang telenobela.

"Naku! Sayang, hindi natin mapapanood ngayon ang sinusubaybayan nating palabas sa TV," panghihinayang ni Aling Rita.



“Oo nga! Nakaiinis talaga ‘tong brownout na ‘to!” dagdag ni Aling Doray.

“Sana bumalik na ang kuryente. Sabik na sabik pa naman akong malaman ang susunod na eksena sa paborito kong telenobela,” sabi ni Aling Eba.



Nang makabili ng kandila, mas maraming reklamo ang narinig ni Popoy habang naglalakad pauwi. Mas nagalit ang mga kapitbahay niya dahil halos mag-dadalawang oras nang walang kuryente.

Pagdating niya sa bahay, ibang senaryo ang kaniyang nakita. Masayang naghahanda ng hapunan ang kaniyang pamilya.



"O Popoy, nandiyan ka na pala. Halika na dito. Kumain na tayo," anyaya ng kaniyang inay.


"Sige po, 'Nay! Papalitan ko lang po ang kandila natin. Malapit na po kasing maubos e," mabilis niyang sagot.




Pagkatapos palitan ang nalusaw na kandila, sumabay na siyang kumain sa kaniyang pamilya. Masaya silang nagkuwentuhan habang pinagsasaluhan ang paborito niyang ulam na pritong tilapia at itlog na maalat.



Pagkatapos nilang kumain, naglaro silang magkakapatid. Gamit ang mga anino ng kanilang mga kamay, gumawa  sila ng iba't ibang hugis ng mga hayop. Hinuhulaan nila ang nabuong hugis. Nakamamangha!




Nakagawa sila ng hugis ng aso, bibe, ibon at kung anu-ano pa! Paborito nila itong gawin tuwing gabi. Nagtataka tuloy si Popoy kung bakit nababagot ang ibang mga bata kapag walang kuryente. Ang saya talagang  maglaro ng anino gamit ang ilaw ng kandila!



Bago sila matulog, kinukuwentuhan sila ng kanilang inay ng iba't ibang istorya. Kaabang-abang ang mga kuwento –parang telenobela! Minsan, ang kuwento ay nakatatawa o nakalulungkot...

Pero, ang paborito nila ay 'yung mga kuwentong nakatatakot! Kapag nag-umpisa na ang kanilang inay magkuwento, nagtataasan na ang kanilang mga balahibo sa braso.



Agad-agad silang magtatalukbong ng kumot at magsisiksikan sa maliit nilang papag. Madalas, hindi tinatapos ng kanilang inay ang kaniyang mga kuwento. Lagi silang nabibitin, kaya sabik na sabik sila sa pagpapatuloy ng kuwento sa susunod na gabi.




Pagkatapos ng kuwentuhan, kinakantahan sila ng kanilang inay ng mga awiting pampatulog. Tila radyo ang kanilang inay tuwing gabi, habang ang kanilang itay naman ay parang bentilador. Paypay rito, paypay roon. Wala siyang reklamo. Tila de-baterya siya na hindi nauubusan ng enerhiya.




Habang sila ay mahimbing nang natutulog, may malakas na sigawan silang narinig mula sa mga kapitbahay. Nagising silang lahat. Sinilip nila ang mga ito mula sa maliit na butas ng kanilang dingding.

"May kuryente na! Yehey!"
Sabay-sabay silang nagpalakpakan at naghiyawan.



Samantala, tahimik silang pinapanuod nila Popoy mula sa kanilang bahay.

“Itay, tayo po kaya? Kailan po kaya tayo ulit magkakaroon ng kuryente?” tanong ng kanilang bunsong kapatid. Sandaling nanahimik ang kaniyang inay at itay. Tatlong buwan na  rin kasi simula nung naputulan sila ng kuryente.



“Mga anak, pasensya na. Mukhang matatagalan pa bago tayo magkaroon ulit ng kuryente. Alam niyo namang nagkasakit ako at natigil sa pagtatrabaho kaya wala pa tayong pambayad sa kuryente,” malungkot na sagot ng kanilang itay.

“Ayos lang po, Itay. Basta po lagi tayong sama-sama, madilim man o maliwanag, ayos na po kami doon,” masayang paliwanag ni Popoy.



Niyakap sila ni itay:

"Maraming salamat, mga anak. Kayo talaga ang tunay na liwanag sa aming buhay."

"O siya, bumalik na tayo sa higaan at matulog dahil bukas itutuloy ko na ang aking nakapanindig-balahibong kuwento," ani ni inay.



Mahimbing muli silang natulog na may ngiti sa kanilang labi, umaasa sa maliwanag na kinabukasan.





**Tungkol sa may akda**

Si Sir John Paul ay kasalikuyang nagtuturo sa Diosdado P. Macapagal Elementary School sa Quezon City. Mula pagkabata hanggang ngayon ay mahilig na siyang magbasa ng mga kuwentong pambata. Siya rin ay isang volunteer sa isang organisasyon para sa mga batang may natatanging pangangailangan.



**Tungkol sa gumuhit**

Si Ernest John F. Bayona ay nagtapos ng Bachelor of Secondary Education Major in Biological Sciences. Ngunit, ang hilig sa sining at pagguhit ang nagdala sa kaniya upang makapagturo ng Visual Arts sa Mariano Marcos Memorial High School sa kanilang Special Program in the Arts classes. Dito ay nililinang niya ang mga talento ng mga mag-aaral pagdating sa larangan ng sining biswal.



*Brownout* sa buong compound nina Popoy! Paglabas niya ng bahay, marami siyang narinig na reklamo mula sa kaniyang mga kapitbahay. Nakababagot ba talaga tuwing may brownout? Anu-ano kaya ang puwedeng pagkaabalahan kapag walang kuryente?

Tara, samahan natin ang pamilya ni Popoy habang naghihintay sa pagbalik ng kuryente.